AHA!

AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

**Lesson 25**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"Gamot o Lunas sa COVID-19".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 25** |
| --- |
| Sources: Department of Health, Department of Science and Technology, & CNN Philippines |
| **I.PAGBATI**<br>Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫.<br>Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🙋<br><br>**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**<br>Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Andeng ng Batangas.<br><br>📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:<br><br>Teacher, may gamot o bakuna na po ba para sa COVID-19?<br><br>**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**<br>Magandang Araw, Andeng!<br><br>Salamat sa iyong tanong. 🤗<br><br>-- |

May mga gamot bang maaaring inumin kontra COVID-19? 🤔💊

Sa ngayon, WALA 🙅‍♂️ PANG nirerekomenda para sa COVID-19. Sinusuri pa ng mga eksperto ang posibleng lunas dito at sinusuportahan ito ng World Health Organization (WHO). ❌💊😷

May bakuna na ba laban sa COVID-19? 🤔💉

WALA 🙅‍♀️ PANG bakuna laban dito. ❌💉😷

Sa kasalukuyan, ang Department of Science and Technology (DOST) 🧬 ay naghahandang sumubok sa paggawa ng mga bakuna kontra COVID-19. Sabi ng kalihim ng DOST na si Fortunato dela Peña 👨‍⚕️, nakikipag-ugnayan sila sa ibang bansa para sa paggawa ng bakuna o gamot laban sa COVID-19. 💉💊❌🦠

Ilang buwan naman tatagal ang paggawa ng bakuna o gamot? 🤔📅💉💊

Ayon sa World Health Organization (WHO), maaaring umabot ng 18 buwan upang makalikha ng mga ito. 📅💉💊❌🦠

Sabi naman ng Direktor ng Pharmaceutical and Healthcare Association of the Philippines ⚕ na si Teodoro Padilla 👨‍⚕️, maaaring makapaglabas ng bakuna ang bansa sa pagtatapos ng taon. 🇵🇭📅💉❌🦠

(O, huwag tayong mainip sa paghihintay. Paniguradong magkakaroon din yan. 😉)

Mahalaga ding malaman na sa kabila ng pangamba dahil sa patuloy na pagtaas ⬆ ng bilang ng positibo sa COVID-19 sa Pilipinas, 84 kababayan natin ang naitalang nakaligtas mula rito noong ika-7 ng Abril, 4:00 ng hapon. 📅🕓

(Iwasan nating mangamba. Sa halip, ipagdasal natin na dumami pa ang bilang ng gumagaling sa COVID-19 at maging ang mga yumao habang nakikipaglaban dito. 😉🙏)

**IV.✊ HAMON**

At bilang pag-iingat, mahalagang alagaan ang mga taong may sakit , ugaliin din natin ang regular at madalas na paghuhugas ng kamay 💧🧼🤲, tamang pag-ubo 🤭 o pag-singa 😷, maging ang isang metro o tatlong dipang distansya mula sa ibang tao. 🚶‍♂️➖🚶‍♀️

Kung maaari, kumain tayo ng masustansyang pagkain 🍎🍌🍇, uminom ng maraming tubig 💧🥛, mag ehersisyo 🏋️‍♂️, at matulog nang wastong oras. 😴⏰

Palakasin at panatilihin nating malinis ang ating katawan upang malabanan ang COVID-19. 😊👊🦠

Ipagdasal at pasalamatan din natin ang lahat ng taong tumutulong upang malabanan ang pandemic na ito. 🙏

**V.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."